タガログ語

# Balangkas ng "Shiga Prefecture Multicultural Coexistence Promotion Plan (ikalawang bersyon)"

## 1 Tungkol sa pagbago ng plano

| | |
|---|---|
| **Background/ Layunin** | ○Ang populasyon ng mga dayuhan sa prepektura na ito ay 32,995 katao sa katapusan ng 2019 (pataas ang takbo). May tendency na manatili nang matagal o maging permanenteng residente.<br>○Ipinatupad ang Immigration Control Act na binago noong 2019, at itinatag ang "Specified Skill Worker" na katayuan ng paninirahan. Inaasahan na tataas ang bilang ng mga dayuhan sa hinaharap.<br>○Sinuri namin ang plano upang mas maging angkop ito sa aktwal na sitwasyon, tulad ng pagtugon sa mga pagbabago sa pang-ekonomiko at panlipunan na kalagayan, at ang mga isyu na kasama nito. |
| **Paglalagay sa Posisyon** | Ito ay isang patnubay na nagpapakita ng direksyon kung saan ang bawat isa ay magsusumikap sa paglikha ng multikultural na lipunan sa batay sa idelohiya ng "Basic Policy Plan of Shiga Prefecture" |
| **Panahon ng Pagpaplano** | 5 taon mula 2020 hanggang 2024 |

## 2 Pangunahing konsepto sa pagsulong ng multicultural coexistence

**1 Ang imahe ng multikultural na lipunan na layunin ng Shiga Prefecture**

(1) Ang lokal na komunidad at ekonomiya ay binuhay muli ng bawat mamamayan ng prepektura na may layunin na bumuo ng pantay na kaugnayan bilang pinuno ng lokal na komunidad, at sa pamamagitan ng aktibong pakikinabang sa dibersidad.
(2) Sa paggalang ng kultura ng bawat isa, napabuti ang pag-unawa sa iba't ibang kultura at internasyonal na pag-iisip ng mga mamamayan ng prepektura.
(3) Umuusad ang paglikha ng unibersal na disenyo na komunidad na maaaring gamitin ng lahat.
(4) Umuusad ang paglikha ng komunidad sa pakikipagtulungan sa iba't ibang indibiwal.
(5) Tumataas ang kamalayan ng karapatang pantao.

**2 Pangunahing layunin**

Nilalayon namin ang maging multikultural na lipunan kung saan ang lahat na naninirahan, nagtatrabaho, at natututo sa Shiga Prefecture ay maaaring aktibong mapakinabangan ang dibersidad, habang ginagalang ang karapatang pantao at indibidwalidad ng bawat isa, anuman ang nasyonalidad, etniko, atbp.

## Ano ang Multicultural Coexistence?

Ang mga tao ng iba't ibang nasyonalidad, etniko, atbp., ay magkakasama namumuhay bilang miyembro ng lokal na komunidad habang kinikilala ang pagkaiba-iba ng kultura ng bawat isa at sinusubukan ang paglikha ng pantay na kaugnayan.

(Mula sa “Report by the Council for the Promotion of Multicultural Coexistence" ng Ministry of Internal Affairs and Communications noong March 2006)

## 4 Pag-unlad ng mga patakaran ng multicultural coexistence

### [Layunin sa aksyon 1] Suporta sa komunikasyon kung saan naiintindihan ang mga damdamin

Sinusuportahan namin ang mga dayuhang residente ng prepektura upang matiyak na makakuha sila ng mga kinakailangang impormasyon sa pamumuhay, at maitaguyod ang maayos na komunikasyon sa lokal na komunidad.

**Direksyon ng patakaran**
**(1) Multilingualisasyon ng mga impormasyon sa komunidad**
**(2) Pagbibigay ng oportunidad na mag-aral ng wikang Hapon at lipunan ng Hapon**

### [Layunin sa aksyon 2] Suporta sa pamumuhay upang mamuhay na may kapayapaan ng isip

Mimintinahin naming ang kapaligiran kung saan ang lahat ay maaaring mamuhay nang ligtas at may kapayapaan ng isip.

**Direksyon ng patakaran**
**(1) Suporta sa tirahan upang mamuhay ng may kapayapaan ng isip**
**(2) Pagmintina ng sistema sa kalusugan, medikal, at kapakanan na maaaring magamit ng may kapayapaan ng isip**
**(3) Pagtugon sa panahon ng sakuna** **(4) Pagpapabuti ng suporta para sa kaligtasan sa pamumuhay**

### [Layunin sa aksyon 3] Suporta sa aktibidad ng mga dayuhang yamang-tao

Tatanggap kami ng mga dayuhang yamang-tao nang maayos at naaangkop bilang mahalagang yamang-tao na sumusuporta sa lokal na ekonomiya at lipunan, at susuportahan namin ang mga aktibidad ng mga magkakaibang dayuhang yamang-tao.

**Direksyon ng patakaran**
**(1) Suporta sa pagtanggap ng dayuhang yamang-tao at mga aktibidad nila**

### [Layunin sa aksyon 4] Pag-aalaga ng mga yamang-tao na mamumuno sa susunod na henerasyon

Pinapahalagahan namin ang indibidwalidad ng bawat bata at nagsisikap upang makalikha ng mga mayaman sa espiritwal at malakas na tao na mag bubukas sa magandang kinabukasan.

**Direksyon ng patakaran**
**(1) Pagmimintina ng kapaligiran sa edukasyon**

### [Layunin sa aksyon 5] Paglikha ng masigla na multikultural na komunidad

Magsusumikap kami na alisin ang mga pagtatangi at diskriminasyon, isusulong ang pag-unawa ng bawat isa, at lilikha ng masiglang komunidad na pinakikinabangan ang lakas ng bawat isa.

**Direksyon ng patakaran**
**(1) Pagtaas ng kamalayan sa lokal na komunidad**
**(2) Paglikha ng masigla na komunidad na pinakikinabangan ang dibersidad**